

# FORWARD

## Pagbabagong Buhay

### NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

### WARM-UP

- Ano ang isang bagay na may malaking halaga para sa iyo? Bakit ito mahalaga?
- Ibahagi ang isa sa mga pinakamabigat na parusa na natanggap mo mula sa iyong mga magulang.
- Balikan ang isang sakripisyo ng ginawa mo para sa isang kamag-anak o kaibigan. Bakit mo ito ginawa?

## WORD

<sup>14</sup>Bilang masunuring mga anak ng Diyos, huwag kayong padadala sa masasamang hilig ninyo noong hindi pa kayo nakakakilala sa Diyos. <sup>15</sup>Banal ang Diyos na tumawag sa inyo, kaya dapat magpakabanal din kayo sa lahat ng ginagawa ninyo. <sup>16</sup>Sapagkat sinasabi ng Diyos sa Kasulatan, “Magpakabanal kayo dahil banal ako.” **1 PEDRO 1:14-16**

(Basahin din ang **2 PEDRO 1:3-8.**)

---

Ang unang kabanata ng 1 Pedro ay tungkol sa kabanalan ng Diyos at na ang ating mga ginagawa ay dapat na nagpapakita ng kabanalang ito. Dahil tayo ay mga anak ng Diyos, tinawag Niya tayo at inilaan upang maging banal sa lahat ng ating ginagawa. Ang kabanalan ay nagmumula sa isang malapit na ugnayan kay Cristo at hindi batay sa ating ginawa. Hindi gaya ng ibang paniniwala na sinasabihan tayong magpakabanal sa ating kilos lamang, ang ating kabanalan ay nagmumula sa pamumuhay kasama ang Diyos at sa pagpapahintulot sa Kanya na baguhin at pabanalin tayo. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong katotohanan tungkol sa kabanalan na magbibigay sa atin ng karanasan na magbagong buhay.

## 1 Ang Diyos ay banal.

*Sapagkat sinasabi ng Diyos sa Kasulatan, “Magpakabanal kayo dahil banal ako.”* **1 PEDRO 1:16**

Ang Diyos ay mapagmahal at maawain, subalit Siya rin ay banal. Kinamumuhian Niya ang kasalanan, subalit mahal Niya ang mga tao. Ang Kanyang kabanalan ay nangangahulugan na mayroon Siyang mataas na pamantayang moral. Ang kabanalan ng Diyos ay hindi nagpaparaya sa kasalanan. Kung kaya’t sa pamamagitan ng krus, inako ni Jesus ang dapat sana’y ating kalagayan at inako ang hatol ng Diyos. Ngayon, maaari na tayong tumayo sa harapan Niya bilang Kanyang mga anak. Paano inilarawan ng Isaias 6:3 ang Diyos?

---

---

## 2 Kay Cristo, tayo ay ginawang banal.

<sup>18</sup> . . . Ang ipinangtubos sa inyo'y hindi ang mga bagay na nawawala katulad ng ginto o pilak, <sup>19</sup>kundi ang mahalagang dugo ni Cristo. Katulad siya ng isang tupa na walang dungis o kapintasan na inihandog sa Diyos. **1 PEDRO 1:18,19**

Ang ating mga kasalanan ay pumipigil sa atin na magkaroon ng relasyon sa isang banal na Diyos. Gayunpaman, dahil labis ang pagmamahal sa atin ng Diyos, ipinagkasundo Niya tayo sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng Kanyang kaisa-isang Anak na si Jesus. Dahil si Jesus ay dalisay at walang kasalanan, Siya lamang ang maaaring pumalit sa atin at magbayad ng ating mga kasalanan. Sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, tayo ay ginawang banal. Ayon sa Mga Taga-Galacia 3:13, mula saan tayo tinubos ni Cristo?

---

---

## 3 Sa Diyos galing ang kakayahan na mamuhay nang banal.

<sup>5</sup>Dahil dito, pagsikapan ninyong maidagdag sa pananampalataya n'yo ang kabutihang-asal; sa kabutihang-asal, ang kaalaman; <sup>6</sup>sa kaalaman, ang pagpipigil sa sarili; sa pagpipigil sa sarili, ang pagtitiis; sa pagtitiis, ang kabanalan; <sup>7</sup>sa kabanalan, ang pag-ibig sa mga kapatid kay Cristo; at sa pag-ibig sa mga kapatid kay Cristo, ang pag-ibig sa lahat.

**2 PEDRO 1:5-7**

Dapat tayong umayon sa kabanalan ng Diyos sa parehong panlabas at panloob na anyo. Gayunpaman, dahil sa mga kinakaharap nating mga hamon, may mga pagkakataon na nahihirapan tayong magpakabanal. Hinihikayat tayo ni Pedro na tularan ang Diyos, at maging banal sa lahat ng bagay. Ito ay mangyayari lamang dahil Siya and nagbibigay sa atin ng kakayahan na mamuhay nang may kabanalan. Ano ang ibig sabihin ng magpakabanal sa lahat ng ating ginagawa? (1 Pedro 1:15)?

---

---

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na kay Cristo, ikaw ay ginawang banal? Paano nito dapat maapektuhan ang paraan mo ng pamumuhay sa araw-araw?
- Ano ang isang bagay na gusto mong tanggihan dahil sa kabanalan ng Diyos? Ano ang handa kang gawin upang maging banal sa iyong pamumuhay ngayong linggo?
- Paano ka hinahamon ng tawag na mamuhay sa kabanalan sa iyong pamamahay, trabaho, eskwelahan, iglesia, o komunidad na kinabibilangan mo?

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang kabanalan, at na sa kabila nito ay gumawa Siya ng paraan upang makalapit tayo sa Kanya sa pamamagitan ni Jesus.
- Ipanalangin na magawa mong mamuhay nang may kabanalan dahil sa kakayahan ng Diyos. Hingin sa Kanya na tulungan kang mamuhay nang may kabanalan sa lahat ng oras.
- Ipanalangin na maipakita mo ang Kanyang kabanalan sa mga tao sa paligid mo, at na magawa mong maibahagi Siya sa iba ngayong linggo.



**VICTORY**

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot

mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph